CAMVAP
Canadian Motor Vehicle Arbitration Plan

Programme d'arbitrage pour les véhicules automobiles du Canada
PAVAC

Ano ang Canadian Motor Vehicle Arbitration Program (CAMVAP)?

Ang CAMVAP ay isang programang inilunsad na nagbibigay ng lunas sa mga hindi pagkakaintindihan ng mga mamimili at mga may pagawaan ng mga sasakyan sa pamamagitan ng iniatas na paghahatol ng isang tagapamagitan o arbitrasyon. Ang mga pagtatalo tungkol sa pinanindigang mga depekto sa pagbubuo ng sasakyan o pagsasakatuparan ng mga garantiya para sa mga bagong sasakyan ay maaaring ihayag sa arbitrasyon sa ilalim ng programang CAMVAP.

Ang CAMVAP ay malalapitan ng mga mamimili ng walang bayad at maaaring mapuntahan sa lahat ng mga Lalawigan at mga Teritoryo ng Canada.

Isang epektibong pamamaraan ang CAMVAP upang malunasan ang anumang mga hindi pagkakaintindihan. Ang isang independyente at walang kinikilingang tagahatol o arbitrator ay itinalaga sa bawa't pagtatalo at nagsasagawa ng isang desisyong patas para sa bawat may-ari ng sasakyan at ng pagawaan ng mga sasakyan.

Mga Katanungang Madalas Itinatanong

Ang mga karagdagang katanungan tungkol sa Canadian Motor Vehicle Arbitration Plan na hindi binanggit dito ay maaaring sagutin sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-207-0685 o sa pamamagitan ng pagbisita sa aming website sa **www.camvap.ca**.

Sino ang Maaaring Gumamit ng CAMVAP?

Ang CAMVAP ay malalapitan para sa mga may-ari at mga nag-aarkila ng bago at gamit na mga sasakyan. Maaaring makasali dito ang mga sasakyang pag-aari ng mga may negosyo kung taglay ng mga ito ang lahat ng mga kahilingan para sa programa.

Paano Nagsasagawa ang CAMVAP?

Sumang-ayon ka na ipadala ang inyong hindi pagkakaintindihan sa isang arbitrator para sa isang desisyon. Magsasagawa ng pagdinig ang arbitrator kung saan ay kanilang madidinig ang hindi pagkakaintindihan ng panig mo at ng pagawaan. Matapos ang pagkokonsidera sa mga ebidensyang idinulog mo at ng pagawaan, ang arbitrator ay magsasagawa ng isang kahuli-hulihang desisyon na obligadong sundin.

Sa ibang mga pangyayari, ang mamimili at ang pagawaan ay nakapagpapasya at nakapaglulunas ng kanilang mga hindi pagkakaintindihan bago pa magtungo sa arbitrasyon.

Ano Ang Magagawa ng CAMVAP Para sa Akin?

Maaaring ipag-utos ng CAMVAP sa pagawaan ang:

1. Kumpunihin ang problema ng iyong sasakyan sa sariling gastusin ng pagawaan,
2. Bilhing pabalik ang iyong sasakyan,
3. Bayaran ka para sa mga gastusin mo sa pagkukumpuni
4. Bayaran ka para sa mga gastusing nagmula sa sarili mong bulsa.

Maaari ding magdesisyon ang arbitrator na ang pagawaan ay walang pananagutan sa inilapit mong hindi pagkakaintindihan.

Kailangan Ko Ba ng Isang Interpreter?

Ang mga pormularyo at mga serbisyo ng CAMVAP ay makukuha sa wikang Ingles at Pranses. Kung nais mong makakuha ng serbisyo sa wikang Pranses, maaari kang ilipat sa isang tagapamahala ng Quebec upang hawakan ang iyong kaso. Kung hindi ka nakapagsasalita ng Ingles o Pranses, kakailanganin mo ng isang interpreter at maligayang makikipagtulungan at magsasagawa ang CAMVAP kasama ng indibidwal na iyon upang masigurong magagamit mo ang programa.

CAMVAP
Canadian Motor Vehicle Arbitration Plan

Programme d'arbitrage pour les véhicules automobiles du Canada
PAVAC

1-800-207-0685
www.camvap.ca

CAMVAP
Canadian Motor Vehicle Arbitration Plan

Programme d'arbitrage pour les véhicules automobiles du Canada
PAVAC

Ikaw Ba at ang Iyong Sasakyan ay Karapat-dapat Para sa CAMVAP? • Isang Mabilisang Pagsisiyasat

1. Ang hindi pagkakaintindihan ba ninyo at ng pagawaan ay tungkol sa isang alegasyong depekto umano sa pagbubuo ng iyong sasakyan o kung paano man pamahalaan ng pagawaan ang pagsasakatuparan ng garantiya para sa mga bagong sasakyan?
2. Ikaw ba ay isang residente ng Canada at ang iyo bang sasakyan ay binili mula sa isang pinahintulutang pagawaan at mangangalakal sa Canada?
3. Ang iyo bang sasakyan ay pangunahing gamit para pansarili lamang o gamit pampamilya? (Tingnan ang aming website para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa gamit pang-negosyo)
4. Ang iyo bang sasakyan ay bago o may apat na taong nakalipas na modelo?
5. Ang iyo bang sasakyan ay naglakbay na ng kulang sa 160,000 kilometro?
6. Sinunod mo ba ang mga proseso ng resolusyong kaloob ng pagawaan para sa hindi pagkakaintindihan (tingnan ang iyong manwal)?
7. Pinagkalooban mo ba ang bawa't mangangalakal at pagawaan ng makatwirang panahon at oportunidad na bigyang lunas ang problema?

Ang CAMVAP ay mabilis, libre, malalapitan, pangkahuli-hulihan… Maaari Ba Akong Magtungo sa Korte?

Bilang isang mamimili, ang pagpipilian ay nasa sa iyo. Maaari kang magpadala ng iyong kahilingan sa korte o maaari mong gamitin ang CAMVAP, ngunit isa lamang sa dalawa ang maaari mong piliin.

Saang Lugar Maaaring Isagawa ang Pagdinig?

Kung ang iyong kaso ay susulong sa isang pagdinig, ito ay isasagawa sa lugar na malapit sa komunidad ng iyong tirahan.

Kailangan Mo Pa Ba ng Mga Karagdagang Impormasyon?

Kung oo ang iyong mga kasagutan sa lahat ng mga katanungan sa itaas, ikaw ay maaaring lumapit sa CAMVAP.

Sumangguni sa aming mga tagapamahala ng programa sa 1-800-207-0685 para sa mga karagdagang impormasyon o bumisita sa aming website sa **www.camvap.ca**.

Mga Pagawaang Nakikisali

Chrysler Canada Inc.	1-800-465-2001 1-800-387-9983 (Québec)
Ford Motor Company of Canada, Limited	1-800-565-3673
General Motors of Canada Limited	1-800-263-3777 (English) 1-800-263-7854 (French) 1-800-263-3830 (TTY)
Honda Canada Inc.	1-888-946-6329 (Honda) 1-888-922-8729 (Acura)
Hyundai Auto Canada Corp.	1-800-461-8242 1-800-461-5695 (Québec)
Jaguar Canada Inc.	1-800-668-6257
KIA Canada Inc.	1-877-542-2886
Land Rover Group Canada Inc.	1-800-346-3493
Mazda Canada Inc.	1-800-263-4680
Mercedes-Benz Canada Inc.	1-800-387-0100
Nissan Canada Inc.	1-800-387-0122 (Nissan) 1-800-361-4792 (Infiniti)
Porsche Cars North America Inc.	1-800-767-7243
Subaru Canada Inc.	1-800-894-4212
Suzuki Canada Inc.	905-889-2677 ext 2254
Toyota Canada Inc.	1-888-869-6828 (Toyota) 1-800-265-3987 (Lexus)
Volkswagen Group Canada Inc.	1-800-822-8987 (Volkswagen) 1-800-822-2834 (Audi)
Volvo Cars of Canada Corp.	1-800-663-8255

CAMVAP
Canadian Motor Vehicle Arbitration Plan

Programme d'arbitrage pour les véhicules automobiles du Canada
PAVAC

1-800-207-0685
www.camvap.ca